

DAGLI

ANG OPISYAL NG PAHAYAGAN NG CARD MBA

Oktubre — Disyembre 2018 [Tomo 1 Bilang 2]



Ribbon cutting ceremony bilang opisyal na pagbubukas ng Zamboanga Basulta Provincial Office — RONA NAVA, DDO Mindanao Region.

Provincial Offices sa Zamboanga City at Bulacan bukas na

By: Cristy Enriquez & Ivan Atendido

Binuksan ang mga bagong Provincial Offices ng CARD MBA sa lalawigan ng Bulacan at Zamboanga City.

Binuksan ang ika-59 na Provincial Office (PO) sa bayan ng Guiguinto, Bulacan noong Nobyembre 12, 2018; ito ay sa pangunguna ni Ms. Gina Nevado, deputy director for operation ng Luzon 1 Region. Nagkaroon din ng maikling programa na dinaluhan ng chief executive officer ng CARD MBA na si Ms. May Dawat, chief operating officer ng CPMI na si Mr. Aristopher Punzalan at ng ilang CARD MRI Operation Staff.

Binuksan naman ang Zamboanga BaSulTa Provincial Office noong Disyembre 10, 2018 sa San

Jose Guzu, Zamboanga City. Ito ay pinasinayaan sa pangunguna naman ng deputy director for operation ng Mindanao Region na si Ms. Rona Nava at dinaluhan rin ng *members at staff* ng CARD MBA, CPMI at CARD MFIs.

Ang dalawang Provincial Offices na ito ay magbibigay-serbisyo sa mga member ng CARD, Inc., CARD SME BANK, Inc., at CARD MRI Rizal Bank, Inc. para sa Bulacan PO samantalang CARD, Inc. at CARD SME Bank, Inc. naman sa Zamboanga BaSulTa PO. Dahil dito, mas mabilis nang maihatid ang serbisyong pang-*microinsurance* sa mga *member* mula sa mga isla ng Basulta, Sulu at Tawi-tawi.

CARD MBA nakikiisa sa Microinsurance Awareness Campaign ng Insurance Commission



Presentasyon ng kahalagahan ng Microinsurance sa mga participants ng Microinsurance Awareness Campaign sa Biñan, Laguna.— CRISTY ENRIQUEZ, Promotion & Marketing Officer

Nakiisa ang CARD MBA sa isinagawang Microinsurance Awareness Campaign sa bansa ng Insurance Commission (IC) noong nakaraang Oktubre 9, 2018 sa San Pablo City, Laguna at Nobyembre 15, 2018 sa bayan naman ng Biñan, Laguna. Ito ay upang bigyang-kamalayan ang mga

mamamayan patungkol sa regulasyon ng *microinsurance* sa Pilipinas sa pangunguna ng microinsurance head ng IC, Atty. Juan Paulo P. Roxas.

Nagkaroon ng pagkakataon ang CARD MBA na makapagbahagi ng mga produkto at serbisyong handog nito sa mga *member* ng CARD MRI. Dinaluhan din ito ng ilan sa mga *Organized Groups (OGs)* at *Cooperatives* mula sa lugar ng San Pablo at Biñan, Laguna, at ng ilang *life and non-life insurance companies* sa bansa. Samantala, patuloy pa rin ang CARD MBA sa pagbibigay-kamalayan tungkol sa *microinsurance* sa pamamagitan naman ng *social media*.

Golden-ager na mga member nakikisaya sa Kaunlaran Caravan



Miyembro ng CARD MBA at participant ng GLIP Orientation ang ina-assist ng CARD MBA Staff habang ang ilan ay nag-aantay sa pagsisimula ng programa. — NORBIE MAY CADARO, Claims Processor

Sa muling pagkakataon ay nakisaya ang mga *golden-ager* na mga *member* ng CARD MBA sa isinagawang Golden Life Insurance Program (GLIP) Orientation noong nakaraang Nobyembre 23, 2018 sa Calbayog City, Samar, sa pangunguna ng Samar Provincial Office. Layunin ng *orientation* na ito na mas mapalawak ang kaalaman ng mga member patungkol sa GLIP. Ilan sa mga tinalakay ay ang polisiya at probisyon ng programa. Nagkaroon din ng Q&A *portion* kung saan

nagkaroon ng munting sorpresa ang CARD MBA para sa mga aktibong nakilahok.

Ang pagtitipong ito ay naging matagumpay sa ilalim ng programang CARD MRI Kaunlaran Caravan, isang *community development undertaking* kung saan nagkaroon din sila ng pagkakataon na makakuha ng libreng konsultasyon at *medical check-up* sa tulong na rin ng mga *partner doctors* at *nurses* ng CARD MRI.

MEMBERSHIP AT CLAIMS UPDATE (as of December 31, 2018)



5,152,722
AKTIBONG KASAPI



18,291,746
BILANG NG NAKASEGURO



824,870
PHP1.47 BILYON

NABAYARANG BENEPISYO MULA ENERO HANGGANG DISYEMBRE 2018



CDRAP
361,750
FAMILY PACKS
P82,441,276.19



MASS WEDDING
76
PARES



95.75%
NABAYARANG CLAIMS SA LOOB NG
8-24 HOURS CLAIMS STRATEGY

EDITORIAL BOARD:

Editor-in-Chief: May S. Dawat

Writer: Cristy C. Enriquez

Contributors: Anthony B. Yacap | Renalyn E. Abrigo | Ilyn C. Pelomeo

Associate Editor: Jennifer O. Redublo

Lay-out Artist: Ivan B. Atendido